NAIS MONG MAHINTO ANG KARAHASAN

Mga Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman para sa Kababaihan Kaugnay ng Karahasan sa Tahanan

Pagpapayo tungkol sa karahasan sa tahanan at tulong sa hukuman

women's domestic violence court advocacy services

Legal Aid NEW SOUTH WALES

Sino kami

Ang Mga Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman para sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa Tahanan o **Women's Domestic Violence Court Advocacy Services** (WDVCAS) ay nakabase sa lokal na lugar, independiyenteng mga serbisyo para sa mga kababaihan at sa kanilang mga anak na naghahanap ng impormasyon at tulong tungkol sa karahasan sa tahanan at pamilya at kung paano makakuha ng proteksyon mula sa hukuman.

Ang panustos para sa Serbisyo ng Pagtatanggol sa Hukuman para sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa Tahanan ay pinangangasiwaan ng Tulong Pambatas ng NSW.

Kung ikaw ay nag-iisip lamang kung ano ang gagawin at nais ng ilang impormasyon tungkol sa Apprehended Violence Orders (AVOs) at iba pang mga serbisyo—makakatulong sa iyo ang WDVCAS.

Bago magpunta sa hukuman

Kung ikaw ay may usaping nauukol sa karahasan sa tahanan na dadalhin sa hukuman at nais mong malaman kung ano ang mangyayari, ang Mga Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman para sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa tahanan ay makakapagbigay sa iyo ng impormasyon at mga rekumendasyon sa ibang mga ahensiya at mga serbisyo para sa tulong.

Sa hukuman

Sisiguraduhin nila na ikaw ay may ligtas na lugar na uupuan sa hukuman, bibigyan ka ng impormasyong makakatulong sa iyo na maintindihan kung ano ang nangyayari at makikipagtulungan sa iyo upang makakuha ng kautusang pinakamahusay para sa iyong kalagayan. Ipagbibigay-alam din sa iyo ng Mga Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman para sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa tahanan tungkol sa pagsulong ng iyong kaso, kabilang ang mga petsa sa hinaharap kung kailan mo kailangang dumalo sa hukuman.

Pagkatapos sa hukuman

Matapos ang pagdinig sa hukuman, maaari ka nilang irekumenda sa iba pang mga serbisyo na makakatulong sa iyo sa pabahay, suporta sa kita, mga pangangailangan ng mga bata, batas pampamilya at pagpapayo. Makakapagbigay sila sa iyo ng impormasyon kung ano ang gagawin kung magpatuloy ang pang-aabuso.

Ang ilang Mga Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman para sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa tahanan ay may espesyalistang mga manggagawa na tutulong sa mga kababaihang Katutubo, o mga kababaihang mula sa magkakaibang kultura.

Tungkol sa mga kautusan ng hukuman

Ano ang AVO?

Ang AVO ay isang Kautusan sa Pagdakip na nauukol sa Karahasan (Apprehended Violence Order). Ito ay isang kautusang nagbibigay proteksyon sa mga biktima ng karahasan sa tahanan kapag sila ay natatakot sa karahasan o mga pagbabanta sa kanilang kaligtasan. Kung minsan ang mga ito ay tinatawag na mga restraining order o mga protection order.

May dalawang uri ng mga AVO:

- **Apprehended Domestic Violence Order (ADVO).** Ito ay ginagawa kung ang mga taong kasangkot ay may relasyon o nagkaroon ng pantahanan o malapit na ugnayan. Ang Mga Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman para sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa tahanan ay pinopondohan upang tumulong sa mga kababaihan sa mga usapin ng ADVO.

- **Apprehended Personal Violence Order (APVO).** Ito ay ginagawa kung ang mga taong kasangkot ay walang relasyon o hindi nagkaroon ng pantahanan o malapit na ugnayan, halimbawa, sila ay mga magkapitbahay o kung saan ang isang tao ay may palihim na sumusubaybay o nananakot sa kanya.

Ang AVO ay hindi isang kriminal na habla. Ito ay isang kautusan para sa iyong proteksyon sa hinaharap. Ang AVO ay nagtatakda ng mga paghihigpit sa pagkilos ng ibang tao, upang ikaw ay makadama na mas ligtas. Kung ikaw ay may mga anak bibigyan din ng proteksyon ng kautusan ang mga ito.

Paano ako mag-aaplay para sa isang AVO?

May dalawang paraan upang mag-aplay para sa isang AVO. Maaari kang gumawa ng pribadong aplikasyon sa inyong Lokal na Hukuman o maaaring mag-aplay ang pulisya para sa iyo. Ang Mga Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman para sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa tahanan ay makapagbibigay ng impormasyon tungkol sa kapwa aplikasyong pribado at aplikasyon ng pulis at magsasaayos para sa iyo na makakuha ng legal na payo kung kinailangan mo.

Ipapaliwanag ng Mga Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman para sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa tahanan kung ano ang magaganap sa hukuman. Makikipagtulungan sila sa iyo, sa pulis o sa iyong abogado upang matiyak na ang mga kondisyon sa iyong AVO ay umaakma sa iyong mga pangangailangan. May nakalaan na impormasyon para tulungan at umalalay sa iyo kung may ibang tao na nakasuhan ng pulis sa pagkakasala.

Kailangan ko bang pumunta sa hukuman?

Oo. Mas mabuti para sa iyo na pumunta sa hukuman upang magkakaroon ang Hukuman ng pinakabagong impormasyon tungkol sa iyong kaso at malalaman kung ano ang gusto mong gawin kaugnay ng iyong sitwasyon. Ang mga Worker mula sa Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman para sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa tahanan ay pupunta sa Hukuman upang tulungan ka at magbigay ng karagdagang impormasyon para sa iyong mga patuloy na pangangailangan.

Ipapaliwanag namin kung anong nangyayari sa hukuman

Gusto kong magsama kami ng aking partner. Makakatulong ba sa akin ang Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman para sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa Tahanan?

Oo. Maaari ka pa ring mag-aplay para sa isang AVO na nagbibigay sa iyo ng proteksyon ngunit nagpapahintulot sa iyo na magsama kayo ng iyong partner. Maraming magkakaibang mga kondisyon na maaaring isama sa iyong kautusan upang ito ay maging angkop sa iyong sitwasyon. Ang Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman para sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa tahanan ay tutulong sa iyo na mag-aplay para sa mga kondisyon na tutugon sa iyong mga pangangailangan, pero magbibigay pa rin sa iyo ng pagkalinga.

Kung ikaw mayroon ng kautusan ngunit nagbago ang iyong sitwasyon, dapat mong kausapin ang Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman para sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa tahanan tungkol sa pagbabago ng iyong AVO.

Paano kung gusto kong iurong ang aplikasyon para sa AVO?

Bagama't maaaring sa iyong palagay ay naayos na ang mga bagay-bagay, mas mabuting humingi ng payo bago mo isaalang-alang ang pag-urong ng aplikasyon.

Tandaan, ito ay hindi isang kriminal na habla, ito ay tungkol sa pagbibigay sa iyo ng proteksyon sa karahasan at mapang-abusong pagkilos sa hinaharap. Kung ikaw ay may mga anak, bibigyan din sila ng proteksyon. Ang Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman para sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa tahanan ay makakapagbigay sa iyo ng impormasyon at matatalakay ang anumang mga alalahanin mo tungkol sa pag-urong ng iyong aplikasyon para sa AVO.

Kung ang pulis ang nag-aplay para sa kautusan, hindi mo maaaring iurong ang aplikasyon, partikular na kung may kasangkot na mga bata, o kung saan naniniwala ang pulis na may nagawa o malamang na may magawang pagkakasala.

Ang Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman para sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa tahanan ay maaaring magpaliwanag nang higit pa tungkol dito.

Paano kung nilabag ng nahahabla ang isa sa mga kondisyon ng AVO?

Ang paglabag sa isang AVO ay isang kriminal na pagkakasala. Dapat mong ipagbigay alam sa pulis ang anumang paglabag sa AVO. Iimbistigahan ng pulis ang kaso at magpapasya kung kakasuhan o hindi ang nahahabla dahilan sa paggawa ng pagkakasala.

Matapos ang hukuman

Sa anumang hindi inaasahang pangyayari, tawagan ang '000' at hilingin ang pulis.

Kung ang isang kautusan ay ginawa sa hukuman, ito ay karaniwang ikinokoreo sa iyo. Kung gusto mo kaagad ng isang kopya ng AVO, maaari kang humingi ng kopya sa tanggapan ng Hukuman bago ka umalis sa Hukuman. Makatutulong sa iyo dito ang mga manggagawa mula sa Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman para sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa tahanan.

Gumawa ng ilang kopya ng AVO at palaging magdala ng kopya. Maaaring gusto mong isaalang-alang ang pagbibigay ng kopya sa paaralan ng mga bata, magtabi ng kopya sa sasakyan at sa trabaho.

Tawagan ang inyong Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman para sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa tahanan kung kailangan mo ng anumang karagdagang impormasyon o tulong.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa AVO, o upang maghanap ng inyong pinakamalapit na Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman para sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa Tahanan, tumawag sa 1800 WDVCAS (1800 938 227).

Ano ang Safer Pathway?

Ang Safer Pathway ay isang bagong paraan upang magbigay ng mga serbisyo sa mga biktima ng karahasan sa tahanan at pamilya. Magkakaroon ka ng iisang contact point at ang mga serbisyo ay magtutulungan upang lumikha ng isang magtutugma na tugon para sa iyo o para sa iyo at sa iyong mga anak.

Kapag ang isang pulis ay tumugon sa isang insidente ng karahasan sa tahanan o pumunta ka sa istasyon ng pulisya upang iulat ang isang insidente, tatasahin nila ang kasalukuyang antas ng banta sa iyo. Ang iyong impormasyon ay agarang ipapaabot sa pinakamalapit na Local Coordinationn Point kung saan ka nakatira. Ang serbisyong ito ay bahagi ng Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa tahanan. Ang isang espesyalistang worker sa karahasan sa tahanan at pamilya ay makikipag-ugnayan sa iyo tungkol sa mga mapapakinabangang serbisyo upang suportahan ka.

Kung ikaw ay matasa na nasa seryosong banta, makikipag-usap sa iyo ang worker tungkol sa rekumendasyon sa isang Pagpupulong sa Ligtas na Aksiyon. Ang pagpupulong na ito ay dadaluhan ng mga ahensiya na nagtatrabaho sa lugar ng karahasan sa tahanan at pamilya at maaaring napakabilis na magpasimula ng aksiyon upang bawasan ang antas ng banta sa iyo at sa iyong pamilya. Ikukunsidera nila ang iyong mga sitwasyon at bubuo ng pangkaligtasang plano na ikukunsidera mo. Pagkatapos ng pagpupulong, tatawagan ka ng trabahador sa Lokal na Coordination Point upang talakayin kung gusto mo o hindi na tanggapin ang alinman sa mga serbisyong iniaalok.

Karaniwang mga salitang ginagamit sa hukuman

Pagsang-ayon (Consent)
Kung minsan ang nahahabla (defendant) ay sasang-ayon sa isang AVO na ginagawa laban sa kaniya. Kung gayon man, ang kaso ay hindi na kailangang dinggin sa hukuman sa isang petsa sa bandang huli. Ang nahahabla ay maaaring sumang-ayon nang 'walang mga pag-amin' (consent without admissions) na nangangahulugan na siya ay sumasang-ayon sa kautusan ngunit hindi umaamin sa impormasyon sa aplikasyon ng AVO.

Listahan ng Hukuman
Ito ang listahan ng mga kasong dinidinig ng hukuman sa bawat araw. Ang ilang mga hukuman ay may listahan ng araw ng AVO upang ang karamihan sa mga kaso ng AVO ay madinig sa parehong araw sa bawat linggo.

Katapat na Aplikasyon (Cross application)
Kung minsan ang nahahabla sa isang kaso ng AVO ay mag-aaplay para sa AVO laban sa protektadong tao. Kung mangyari ito, kontakin kaagad ang iyong lokal na Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman para sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa tahanan o kaya ay humingi ng payong pambatas. Makakatulong sa iyo ang iyong lokal na serbisyo upang makakuha ng abogadong kakatawan sa iyo.

Nahahabla (Defendant)
Para sa kaninong tao ang kautusan ay laban dito.

Pinal na kautusan (Final Order)
Ang kautusang ginawa sa pagtatapos ng mga paglilitis sa hukuman. Ito ay tumatagal hanggang sa panahong ipinapalagay ng hukuman na kailangan mo ito at hindi ka kailangang bumalik sa hukuman maliban na lamang kung kailangan mong baguhin ang mga kondisyon sa kautusan o patagalin ito.

Pansamantalang kautusan (Interim order)
Ang kautusan ay tumatagal hanggang sa kasunod na petsa ng pagdinig sa hukuman.

Mahistrado
Ang mga hukom ang nagpapatakbo sa hukuman at nagpapasiya kung magkakaloob o hindi ng AVO, anong mga kondisyon ang dapat na makasama at kung gaano katagal. Sa hukuman ang mga ito ay tinatawag na 'Your Honour'

Paghapag (Mention)
Ito ang okasyon kung saan ang iyong kaso ay ihinahapag sa hukuman. Kung ang nahahabla ay hindi sumang-ayon sa AVO, ito ay didinggin sa panibagong araw. Dapat kang dumalo sa hukuman sa bawat petsang binanggit. Kung hindi ka makakadalo, tawagan ang inyong Serbisyo sa Pagtataguyod sa Hukuman sa Kababaihan Kaugnay ng Karahasan sa tahanan at abisuhan sila.

Tagausig na pulis
Ang mga tagausig na pulis ay nagpapahayag ng impormasyon sa hukuman para sa pulisya, na katulad din ng mga abogado para sa pribadong mga aplikante.

Pribadong mga aplikasyon
Ito ang mga aplikasyon para sa mga AVO na ginagawa ng taong nangangailangan ng proteksyon. Maaari kang mag-aplay mismo sa lokal na hukuman o ang isang abogado ay maaaring mag-aplay para sa kapakanan ng isang tao.

Protektadong tao
Para sa kaninong tao hiniling o ginawa ang kautusan.

Provisional Order (PO)
Ang pansamantalang kautusan na nakuha ng pulis sa isang pangkagipitan hanggang sa petsa ng iyong pagpunta sa hukuman.

Karagdagang impormasyon at tulong

Mga Serbisyo sa Biktima	Suporta at tulong para sa mga biktima ng krimen Ang mga Serbisyo sa Biktima ay tumatanggap ng mga rekumendasyon ng lahat ng ulat sa karahasan sa tahanan at pamilya na ipinaabot sa Pulisya ng NSW kaugnay sa mga kalalakihan.	**1800 633 063** **1800 019 123 (Aboriginal Contact Line)**
Linya ng Karahasan sa Tahanan, Mga Serbiso sa Familya at Komunidad sa NSW	Tulong sa tutulyan sa araw ng kagipitan at mga rekumendasyon sa pagpapayo, mga serbisyong pangkalusugan at pambatas (24 na oras, 7 araw)	**1800 656 463**
Link2Home	Mga rekumendasyon sa mga serbisyo sa pagiging walang tahanan sa buong NSW (24 na oras, 7 araw)	**1800 152 152**
Yunit ng Karahasan sa Pamamahay, Legal Aid NSW	Payong pambatas, tulong, rekumendasyon at kinatawan pati na rin ang suporta ng social work sa mga biktima ng karahasan sa tahanan at pamilya	**(02) 9219 6300**
Serbisyong Pambatas sa Kababaihan sa NSW	Payong pambatas, tulong, rekumendasyon at kinatawan para sa kababaihang may pokus sa batasang pam pamilya, karahasan sa tahanan at sekswal na pagtrato.	**(02) 8745 6900** **1800 810 784 Linya ng Payong Pambatas sa Karahasan sa tahanan**
Akses sa Batas sa NSW	Tulong pambatas at rekumendasyon sa telepono. Ang mga biktima ng karahasan sa tahanan ay mga prayoridad na cutomer para sa payo.	**1300 888 529**
Pambansang Mga Pambatas na Serbisyo sa Pag-iwas sa Karahasan sa Tahanan	Mga tagabigay ng espesyalista, ligtas sa kultura na mga pambatas na serbisyo at mga suporta sa Katutubo at mga biktima/ nakaligtas ng karahasan sa pamilya sa Torres Strait Islander sa buong Australia. Ang mga detalye para sa bawat panlokal na tagabigay ng serbisyo ay maaaring maakses mula sa website ng NFVPLS.	**www.nationalfvpls.org/Where-We-Are.php**
LGBTIQ Mga Serbisyo ng Espesyalista	ACON – Iba pang Closet Inner City Legal Centre, Proyekyo sa Ligtas na Relasyon	**www.anothercloset.com.au** **1800 244 481**
Linya ng Kalalakihan	teleponong pang suporta at rekumendasyon para sa mga lalaking biktima at mga tagagawa ng karahasan sa tahanan	**1300 789 978**
Mga Programa sa Pagbabago ng Asal ng Kalalakihan sa NSW	Mga programang nakikipagtulungan sa kalalakihan na gumagamit ng karahasan at pang-aabuso sa mga (dating) partner at sa kanilang mga anak. Ang listahan ng mga pinaniwalaan na mga tagabigay ng serbisyo sa NSW ay nasa website.	**www.mbcn-nsw.net**

ipinagpatuloy

Pulisya ng NSW	Sa mga araw ng pangangailangan tulong kaugnya ng karahasan sa tahanan o pamilya	**000 o 112 mula sa mga cell phone**
Mga Serbisyo ng Pagtataguyod sa Hukuman para sa Kababaihan kaugnay ng Karahasan sa Tahanan	Impormasyon, pagtataguyod sa hukuman at rekumendasyon para sa kababaihang nasa sitwasyon ng karahasan sa tahanan at tulong sa pagkamit ng ADVO. Ang WDVCAS ay tumatanggap ng mga rekumendasyon para sa lahat ng mga ulat ng karahasan sa tahanan at pamilya na ipinaabot sa Pulisya ng NSW tungkol sa kababaihan at kabataan.	**1800 WDVCAS o 1800 938 227**
1800 RESPECT	Pagpapayo, impormasyon at rekumendasyon (24 oras, 7 araw)	**1800 RESPECT o 1800 737 732**

Mga Wika

Ang brochure na ito ay nasa wikang Arabe, Tsino (Tradisyonal) Tsino (Pinagaan), Dari/Farsi, Koreano, Indonesiyo, Espanyol, Tagalog, Thai, Vietnamese.

Ang publikasyong ito ay pangkalahatang gabay sa batas. Hindi ito dapat asahan bilang payong pambatas at inirerekomenda namin na ikaw ay makipag-usap sa isang abogado tungkol sa iyong partikular na sitwasyon. Ang impormasyon ay wastosa panahon ng pag-imprenta, ngunit maaaring magbago ito.

Para sa karagdagang impormasyon tumawag sa 1800 WDVCAS (1800 938 227)

Umorder ng mga brochure online sa **www.legalaid.nsw.gov.au/publications** o mag-email sa **publications@legalaid.nsw.gov.au**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa NSW sa Tulong Pambatas:

Nangangailangan ka ba ng tagapagsalin ng wika?
Kung nangangailangan ka ng tulong upang makipag-usap sa amin sa iyong wika, tawagan ang Serbisyo sa Pagsasalin at Pag-interpret (TIS) sa **131 450** (9am–5pm)

Nahijhirapan ka bang makinig o magsalita?
IKung nahihirapan ka sa pakikinig o pagsasalita:
Tawagan kami sa pamamagitan ng National Relay Service sa **133 677** o **www.relayservice.gov.au** o tawagan ang LawAccess NSW sa **1300 889 529**

Legal Aid NEW SOUTH WALES

DISYEMBRE 2016 www.legalaid.nsw.gov.au MNLA60320